# MARK ANTHONY S. SALVADOR

Nagtapos ng Masterado sa Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, kasalukuyang kumukuha ng Doktorado sa Pilosopiya sa Panitikan ng Pilipinas sa nasabing pamantasan si **Mark Anthony S. Salvador**. Mababasa ang kaniyang mga akda sa *Kawing, Rappler, Tomas, Dx Machina: Philippine Literature in the Time of COVID-19 1, Likhaan, Entrada, Reflective Practitioner, Pylon, Bookwatch, Liwayway, at Luntian Journal.* Nagtamo siya ng unang gantimpala sa kategoryang sanaysay sa Saranggola Blog Awards 2022. Kasalukuyan siyang assistant professorial lecturer 3 sa Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle – Maynila. Kasapi siya ng Alliance of Concerned Teachers – Private Schools. Mahilig siyang magkape, maglakad, manood ng mga anime, at mangarap.

*PAGIGING BUO: MGA DAGLI*
*ni Mark Anthony S. Salvador*

# KALULUWA

Taong 2010 nang mabasa ni Robi ang *House of Memory* ni Resil Mojares, at pinakatumatak sa kaniya ang mga sinasabi ng aklat hinggil sa kaluluwa. Sa "What Healing Means," sabi ni Mojares, may paniniwala raw ang mga Pilipino na sa pagtulog ay umaalis ang kaluluwa, at naglalagalag. Kaya banayad lang daw dapat ang paggising sa natutulog, para payapang makabalik ang kaluluwa. Ang taong may mahinang kaluluwa ay magiging mahina laban sa mga sakit. Sa "A Surplus Soul" naman, sinasabing may paniniwala ang mga Bagobo at iba pang pangkat-etnolingguwistiko na dalawa ang kaluluwa ng tao. Ang kaliwang kaluluwa ay umaalis sa katawan, naglalagalag, at ang mga karanasan nito sa paglalagalag ang magiging panaginip ng tao. Ang kanang kaluluwa ang karamay ng katawan. Hindi nito iniiwan ang katawan. Ito ang nagiging anino ng tao.

Hindi lang tumatak kay Robi ang mga sinasabi ng aklat hinggil sa kaluluwa, nagbukas pa ito sa kaniya ng ibang mundo. Nahilig siya sa pagbabasa ng mga aklat at panonood ng mga pelikula hinggil sa kaluluwa.

Nakilala niya noong 2012 si Shiela. Nang maging sila noong 2013, ipinabasa niya rito ang aklat ni Mojares. Ngunit ni hindi nito napangalahati ang libro. Taong 2014, napagpasyahan nilang magsama sa apartment na inuupahan niya sa Quezon Avenue.

Call center agent si Shiela, at teller naman ng bangko si Robi. Tuwing aalis si Robi, ginigising niya ang nobya. Banayad na paggising, para payapang makabalik ang kaluluwa nito. Saka siya magpapaalam na papasok na siya sa trabaho, at mag-iiwan ng halik sa pisngi ng nobya.

Tatlong taon na ngayon, pero hindi pa rin malinaw kay Robi kung papaanong tumamlay ang kanilang relasyon, kung papaanong dumalas ang mga pag-alis na hindi na nila ginigising ang natutulog na kapareha para magpaalam, hanggang isang umaga ay ginising na lang siya ni Shiela, at magsabi itong gusto na niyang makipaghiwalay. Nakagayak na ang mga gamit nito.

Kagabi, napanaginipan niya ulit ang dating nobya. Mabigat ang dibdib niya nang bumangon siya. Natanong niya ulit ang sarili—Saan ba siya nangungulila, sa tao o sa relasyon?

Tatlong taon na. Pero parang hindi pa rin nakakauwi ang kaniyang kaluluwa.